Name ______________________________ Class _____________ Date ______________

# Ang Mahalagang Tanong
# Kaugnayan ng Paaralan sa Tahanan

Binibigyan-diin ng Yunit 4 ang Mahalagang Tanong: Ano ang nag-iimpluwensiya sa iyo? Sa buong yunit na ito, matututunan mo ang mga impluwensiya ng mga tao sa isa't-isa. Bago ka maghanda ng mga sagot sa Mahalagang Tanong, alamin muna kung ano ang iniisip ng iyong mga magulang o ibang mga nakatatanda. Pumili ng isa sa mga gawain sa ibabâ na gagawin sa tahanan.

**GAWAIN**: Paano Nagbabago ang Mga Impluwensiya sa Katagalan ng Panahon

**Ang Gagawin** Hilingin ang isang kapamilya na sagutin ang mga sumusunod na katanungan, at isulat ang kanilang mga sagot sa hiwalay na papel:

**GAWAIN**: Interbyu:

**Ang Gagawin** Sabihin sa isang magulang o ibang nakatatanda ang Mahalagang Tanong. Hilingin siyang sagutin ang mga sumusunod na katanungan, at isulat ang mga sagot sa hiwalay na papel:

1. Anong mga bagay o mga tao ang nag-impluwensiya sa iyo nang ikaw ay bata pa? Ipaliwanag.
2. Anong mga bagay o mga tao ang nag-iiimpluwensiya sa iyo bilang nakatatanda? Ipaliwanag.
3. Paano o bakit nagbago ang mga impluwensiya na ito sa katagalan ng panahon? Ipaliwanag.

Ngayon ay sagutin ang mga katanungan sa itaas.

4. Ano ang sinasabi sa iyo ng mga sagot tungkol sa kung paano nagbabago ang mga impluwensiya sa buhay ng isang tao?

**GAWAIN**: Mga Impluwensiya ng Media

Tingnan ang isang magazine o manood sandali ng TV kasama ng isang magulang o isang guardian o tagapag-alaga. Gumawa ng isang chart na may tatlong hanay sa isang hiwalay na papel. Isulat ang "Patalastas o Advertisement" sa kaliwang hanay. Isulat ang "Naiimpluwensiyahan ka bang bilhin ang produktong ito?" sa panggitnang hanay. Bakit o bakit hindi?" Isulat ang "Paano sinubukan ng patalastas o advertisement na impluwensiyahan kang bilhin ang produkto?" Sa kaliwang hanay, ilarawan ang dalawang advertisement o mga patalastas na nakita mo. Pagkatapos ay gamitin ang panggitna at kanang hanay upang pag-usapan ang mga advertisement o mga patalastas at isulat ang mga sagot sa mga katanungan sa chart.

**GAWAIN**: Paano Naiimpluwensiyahan ng mga Tao ang Isa't-isa

- Hilingin ang isang magulang o guardian na ilarawan ang impluwensiya na inaasahan niyang magkaroon sa iyo. Isulat ang sagot na ito sa kaliwang bahagi ng isang hiwalay na papel.
- Sa kanang bahagi ng isang hiwalay na papel, isulat ang iyong damdamin sa ninanais na impluwensiya na ito. Ano ang sagot mo sa mga istratehiya na ginamit ng iyong magulang o guardian upang impluwensiyahan ka?

Copyright© by The McGraw-Hill Companies, Inc.